REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-75

KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN NG HALAGANG SIYAM NA LIBO ANIM NA DAANG PISO (₱9,600.00) PARA SA MGA KAGAMITANG PANG-ILAW SA STO. NINO PLAZA NG BARANGAY POBLACION.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang plaza o liwasan ang siyang palagiang pinagdarausan ng mga pagpupulong at mga kasiyahan tulad ng mga pasinaya, patimpalak sa pag-awit at pagtugtog, mga palakasan o palaro at iba't-ibang mga gawain pa na nagdudulot ng aliw at kasiyahan sa mga mamamayan;

SAPAGKAT, ang kasalukuyang kalagayan ng mga kagamitan sa ilaw sa nasabing liwasan (plaza) ay lubhang luma at kalawangin na at kinakailangan na ng kaukulang pagkukumpuni o pagpapalit upang maiwasan ang maaaring sakuna na idudulot ng mga lumang kagamitan sa ilaw;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na maglaan ng halagang Siyam na Libo Anim na Daang Piso (₱9,600.00) para sa mga kagamitang pang-ilaw sa Sto. Nino Plaza ng Barangay Poblacion.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA NG LAHAT NG KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang apatnapu't tatlong (43rd) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-16 ng Enero, 1989.

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

ATTY. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan